PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 22 JULY 26 - AUGUST 1, 2021 P10.00

# Programa para sa PWDs ng Carmona, patuloy na isinusulong

**Sa tulong ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO), patuloy na isinusulong ng Carmona LGU ang mga programang para sa mga Persons with Disability (PWDs), Hulyo 23.**

Kabilang na rito ang Comprehensive Approach Responsive Education at Rehabilitation Program (CARER), pati na rin ang Tele-Rehabilitation Program ng PDAO.

Layon ng mga programang ito na maitaguyod ang karapan ng mga may kapansanan sa naturang bayan. Tulad ng CARER na hinuhubog ang personalidad at akademikong kahusayan ng mga indibidwal na may kapansanan upang makapagtapos sila mula Kindergarten hanggang College.

Mula rito ay maaaring mailagay sa Center-based program ang mga ito ayon sa kanilang pangangailangan at resulta ng pagsusuri ng development pediatric doctors o government doctors. Isinasama rito ang mga estudyante na mayroong pangangailangan sa pagpapalakas ng adaptive skills ng mga ito.

Sa kabilang banda, kasama naman sa Normalization programa ang mga estudyante para sa akademikong programa ng DepEd, katulong ang isang shadow or monitoring teacher, subalit dahil sa pandemiya ay sumailalim ang mga mag-aaral sa blended learning system.

Matapos magsipagtapos ng mga mag-aaral mula rito ay tutulungan naman sila ng PDAO para sa job coaching, training at monitoring na parte naman ng Disability Inclusive Employment for Persons with Disability.

Bukod rito, mayroon ring serbisyo ang PDAO na tumutulong para sa development ng mga may kapansanan, tulad ng Tele-Rehabilitation Program, kung saan katuwang ng grupo ang De La Salle Medical and Health Science Institute (DLSMHSI).

Mula naman rito ay nakakatanggap ang mga kliyente ng libreng Occupational, Physical at Speech Therapy, kung saan itininuturo ng intern therapists at clinical preceptor sa mga kalahok habang kasama ang kanilang mga magulang ang mga ehersisyo na kanilang kailangan.

Kabilang rin sa programang ito ang Information Technology Unit o ang libreng paggamit ng kompyuter at internet para sa mga Tech4Ed Center ng bawat barangay para sa mga kliyenteng walang angkop na gadget o internet connection.

Source/Photo: Atty. Roy M. Loyola/ FACEBOOK

## Malakas na buhos ulan, nag dulot ng ibat ibang pinsala sa Dasmarinas



Nitong Sabado ay ibinahagi ni Congressman Pidi Barzaga sa social media, ang mga naging epekto ng patuloy na pagbuhos ng malakas na ulan sa lungsod ng Dasmarinas.

Batay sa kaniyang post, ilan sa mga ito ay mga pagguho ng mga istraktura, pagbagsak ng mga puno at pagbaha sa mga pangunahing daanan sa lungsod.

Narito ang kabuuang update ni Barzaga sa kanyang social media post:

"1. Pagguho ng pader pati ng lupa na nasa ilalim ng straktura na ginagawa sa Estocado Property sa Amuntay, Zone 3, Dasmariñas, Cavite. Bumagsak sa isang bahay na nasa tabi ng sapa ang pader na ayon sa impormasyon na nakalap ng City Disaster Office ay pagmamay-ari ni Alvin Dua.

2. Pagbaha sa tulay ng Sta. Maria na nakita ni Cong. Pidi Barzaga sa FB account ni Bong Flormata. Inaksyunan ng City Engineering Office ang baha sa ibabaw ng Sta. Maria Bridge at ang dahilan ng pagbaha ay yung butas na daluyan ng tubig na pabagsak sa ilog ay barado. Sinundot lamang ang butas sa tulay kaya nawala ang baha.

3. Problema sa Congressional Road (Baha sa portion ng Luzviminda 1 at Luzviminda 2). Ang pagtigil ng tubig sa kalye ay dahil sa ang drainage ay barado gawa ng basura. Kinakailangang buksan ang manhole at kunin ang dumi sa manhole para maging diretso ang daloy ng tubig.

4. Pagguho ng bakod sa Magsaysay Lines sa Brgy. Sto Cristo. Agaran namang inayos ng kawani ng Magsaysay Lines ang mga debris na bumagsak at kanilang isasaayos ang bakod sa lalong madaling panahon.

5. Pagbagsak ng puno sa Brgy. San Juan na dali-daling pinutol ng Public Safety Office para hindi maging hadlang sa ating mga kababayan.

6. Bagamat halos isang linggong umuulan, dahilan sa ginawa nating gabions sa Imus River, hindi bumaha sa Promenade Des Dasmariñas. Halos dalawa (2) pang metro ang taas ng gabion sa tubig at nawala na ang suliranin na tuwing babagyo ay ililikas natin ang mga naninirahan sa Brgy. H2, San Manuel 1, San Manuel 2 at San Miguel."

Sa huli ay nagbilin si Barzaga sa mga lokal na opisyal ng barangay sa lungsod na huwag hayaang tumira malapit sa mga ilog ang mga residente upang maiwasan ang anumang aksidente o disgrasya kapag mayroong bagyo.

Source: Cong. Pidi Barzaga (FB)

## Lokal na pamahalaan ng Alfonso namahagi ng mansanas sa daycare



Ibinahagi ni Alfonso Mayor Randy Salamat sa social media, ang naging pamamahagi ng mansanas ng kanilang lokal na pamahalaan sa mga indigent daycare students sa nasabing bayan.

Ang naturang aktibidad na pinangalanang "The Apple Project" ay nabuo sa pakikipagtulungan sa JCI Alfonso Siklab at JCI Cavite South Region.

"Ika nga, "an apple a day keeps the doctor away". Nawa po ay mapasaya nito ang ating mga kids sa simpleng paraan," ani Salamat.

Source: Mayor Randy Salamat

CURB
Cavite United Rural Bank
A Subsidiary of AUB
MICROFINANCE LOAN
(NO-COLLATERAL)
KAAGAPAY MO SA NEGOSYO



ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Mga payo para maiwasang magkasingaw

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong

hanggang 25-anyos. Kapag lumampas na sa 55-anyos, bihira na ang nagkakasingaw.

Hindi pa tiyak kung ano ang sanhi ng singaw. Ka-dalasan, nag-uumpisa ang singaw sa isang sugat sa bibig. Puwedeng dahil sa matalas ang ngipin, may dental braces, matitigas na pagkain, nakagat ang labi, at iba pa.

May nagsasabi na kulang sa vitamin B at zinc. Posible-ring may kaugnayan sa stress, pagkapuyat at ma-ra-ming trabaho.

Narito ang mga payo para maiwasang magkasingaw:

1. Umiwas sa maaasim at maaalat. Hindi gamot sa singaw ang calamansi, tawas at asin. Lalong lalala ang singaw. Umiwas din sa maaanghang at spicy na pagkain.

2. Umiwas sa matitigas na pagkain tulad ng banana chips, potato chips, at iba pa.

3. Piliin ang malambot na pagkain tulad ng lugaw para hindi masugatan ang singaw. Okay din ang pakwan.

4. Ang pagkain ng Yogurt dalawang beses mag-hapon ay nakapagtatapal sa sugat ng mga singaw. Kahit nasaan pa ang singaw mo, sa bibig, dila o lalamunan, matatapalan ng Yogurt at mababawasan ang sakit.

5. Bumili ng Solcoseryl Dental Ointment. Ipahid ito ng 3-5 beses sa lahat ng singaw. Nang nasubukan ko ito, ang laking ginhawa.

6. Kumunsulta sa dentista. Kung matalas ang iyong ngipin at madalas magsugat ang gilagid, patingnan sa dentista para ayusin ito.

7. Subukang magpalit ng toothpaste. May ibang tooth-paste na may halong sangkap na posibleng magdulot ng singaw.

8. Gumamit ng mouthwash. Ayon sa isang pag-aaral, baka makatulong din ang paggamit ng mouthwash. Napapatay nito ang mga bacteria at mikrobyo sa bibig.

9. Magpahinga at matulog ng sapat.

10. Uminom ng multivitamins na may vitamin B at zinc. Wala namang masama sa pag-inom ng vitamins.

11. Kung may kasamang sore throat o tonsils, puwedeng uminom ng antibiotics, tulad ng Amoxicillin 500 mg 3 beses sa maghapon sa loob ng 5-7 araw.

12. Kung pabalik-balik ang singaw at napakarami nito, magpa-check up sa doktor. Posibleng sintomas lang ang singaw ng iba pang sakit.




## EDITORIAL

# Mapanganib na Delta variant

SA pag-aaral na inilathala sa New England Journal of Me-dicine, ipinahayag na ang tig-dalawang dose ng mga bakunang Pfizer at AstraZeneca ay epektibo laban sa Delta variant ng COVID-19.

Ang bakunang Moderna ay epektibo rin laban sa Delta variant. Ang tatlong bakunang nabanggit ay sumasailalim ngayon sa mga pagsusuri upang matukoy kung kinaka-ila-ngan ng pangatlo o booster shot para sa karagdagang proteksiyon. Sa ngayon siNasabi ng gobyerno na hindi pa kailangan.

Ikinalulungkot naman ng mga dalubhasa ang kakula-ngan ng datos mula sa bakunang Sinovac upang maka-paglabas ng tapat na pahayag. Maraming bansa sa ASEAN ang gumagamit ngayon ng tinatawag na "mix and match" ng mga bakuna kung saan magkaibang tatak ang una at pangalawang dose. Para raw mas mapabilis ang pagbigay ng proteksiyon.

Karamihan sa mga bansa sa ASEAN ay nagpasimula ng pagbabakuna gamit ang Sinovac na ibinigay ng gob-yerno ng China. Ang mga bakuna ng Pfizer at Moderna ay ngayong pa lang dumarating sa bansa sa pamamagitan ng mga donasyon at pagbili ng mga pribadong kompanya. Maaaring sumunod na rin ang gobyerno sa ginagawang "mix and match" ngayong may ibang bakuna na.

May mga positibo na para sa Delta variant sa bansa kaya higit na mahalaga ang mabakunahan sa lalong madaling panahon. Ginagawa ng gobyerno ang lahat upang mapi-gilan ang pagkalat lalo na sa babala ni Pangulong Duterte na maaaring ipatupad ang mahigpit na lockdown kung magsimulang kumalat ang mga kaso. Bumabagsak na nga ang stock market sa babalang ito.

Kaya nasaan na tayo ngayon? Batay sa datos mula sa ourworldindata.org/covid-vaccination, 9.92% ng populasyon ang nakatanggap ng isang dose ng bakuna noong Hulyo 23. Nasa 16.43 milyong doses ng bakuna na ang naibigay. Malapit nang matapos ang Hulyo at gayon pa man medyo mabagal pa ang pagbabakuna.

Ang layunin ng pagkamit ng herd immunity sa Nobyembre ay mukhang hindi matutupad. Binago na nga ang layunin na kung 40 porsyento ang mababakunahan sa Nobyembre, tagumpay pa rin ito batay sa sukatan ng World Health Orga-nization (WHO).

Higit isang buwan na lang at maririnig muli natin ang walang kamatayang awit ni Jose Marie Chan. Magkakaroon ba tayo ng mas masayang Pasko sa taong ito? Hindi pa masabi.

Ang Delta variant ay tila balakid sa plano ng lahat. Ang mga bansa na nagpasyang luwagan ang paghihigpit ay nakakaranas ng pagtaas ng mga impeksyon, karamihan sa mga ito ay dahil sa Delta variant at karamihan ay mga hindi bakunado. Ginagawa ng mga pamahalaan ang lahat para kumbinsihin ang mga tao na magpabakuna.

Ngunit kahit nagkakaroon ng pagsipa ng bilang ng mga kaso may mga mas naniniwala pa rin sa napakamaling impormasyon na ikinakalat ng mga nagpapahayag ng maling opinyon pati na rin sa pamumulitika ng isyu ng bakuna.

Sana ay hindi nila bayaran ng kanilang buhay ang mga maling paniniwala at dapat panagutan din ang mga nagka-kalat ng maling impormasyon.

# SC Confers PHILJA Chancellor Emeritus Title to Ret. Justice Azcuna

The Supreme Court has conferred the title Chancel-lor Emeritus of the Philippine Judicial Academy (PHILJA) to retired SC Justice and PHILJA Chancellor Adolfo S. Azcuna for his leadership and outstanding achievements.

Pursuant to A.M. No. 21-06-03-SC-PhilJA, the Court En Banc has approved the PHILJA Board of Trustees (BOT) Resolution No. 15- 2021 dated May 27, 2021, recommend-ing the grant of the said title.

"Acting on the aforesaid BOT Resolution No. 15-2021, the Court Resolved to approve the conferment on Justice Adolfo S. Azcuna (Ret.) of the title 'PhilJA Chan-cellor Emeritus' in recognition, with profound appreciation and gratitude, of his outstanding leadership and significant achievements," the Court said.

Justice Azcuna was appointed to PhilJA in 2009, the same year when he retired as the 153rd Associate Justice of the Supreme Court. He retired from the Court a second time this year, this time as PHILJA Chancellor.

Under his leadership, PhilJA, the Court's education arm, kept up with the times by conducting seminars and workshops for justices and judges, as well as court person-nel and lawyers virtually during the start of the government-imposed lockdowns because of the threat of COVID-19 pan-demic.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Enjoy kasaiyong class reunion. Me-rong business offer angiyongkababatanamagandaangkita. Pag-aralanmunangmabutibagosunggaban. Lucky number at color for the day ang 37, 46, 51, 17 at bronze.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Angiyongkatawan ay nagbabadyangdagdagnatimbang. Disi-plinahinangsarilisapagkain. Umiwassabawal. Lucky number at color for the day ang 31, 29, 45, 56 at blue.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Ang focus mongayon ay saiyong personal goals. Enjoy kasa attention nanatatamo. Lucky number at color for the day ang 37, 14, 56, 43 at wild cherry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Merong general improvement saiyongnegosyo. Maraming money making opportunities angmararanasan. Lucky number at color for the day ang 3, 28, 30, 41 at pearl white.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Happy plus angiyong creative work. Manati-ling humble paralalongumangatangkabuhayan. Lucky number at color for the day ang 13, 53, 35, 44 at royal blue.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Merongmagandangnegosyonaio-offer sa'yo. Magingmapanuri at pag-aralanmunaitongmabuti. Lucky number at color for the day ang 21, 55, 26, 39 at shrimp pink.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Isangproblemasa personal naaspetoanghaharapin. Magandanamanangtakbong career. Lucky number at color for the day ang 12, 23, 48, 51 at mustard yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Magkakaroonngbagongpagkakataonparamabagoanglandasngbuhay. Mage-enjoy kasa'yongkita. Lucky number at color for the day ang 7, 29, 31, 43 at cranberry red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Mapanlinlangangiyongsituwasyonsatrabaho. Mag-ingatsamgatsismoso. Focus kalangsa work. Lucky number at color for the day ang 11, 23, 52, 45 at blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Kapagsobraangpag-iisipsaproblema, mas maramingproblemaangdarating. Mag-relax. Lucky number at color for the day ang 51, 25, 37, 49 at mocha brown.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Magsayadahil achieve na achieve naang goal. Kailangannalang ay disiplinaparamamintenaito. Lucky number at color for the day ang 23, 31, 39, 54 at purple.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Magigingmaunladangiyong social life. Ang good news mulasa internet ay tungkolsa work abroad. Lucky number at color for the day ang 29, 33, 46, 58 at royal purple.

# Año underscores govt efforts amid pandemic

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) --Government reports show that the Calabarzon region suffered great losses during the pandemic, as an industrial region that relies on various sectors for its economic growth

Members of the Cabinet led the recent Pamana sa Pagbabago: Kasama sa Pamana Regional Pre-SONA Series in Calamba City to bring their reports closer to the people.

In a video message, Department of Interior and Local Government (DILG) Secretary Eduardo Año emphasized the effects of the pandemic to various industries and services, as well as the government's anti-insurgency efforts in the region.

Among the most affected were the industrial and tourism sectors, where many residents in Calabarzon and its surrounding provinces earn their living.

Año reported that around 2, 634 companies and establishments were forced to close, resulting in around 84, 397 jobs lost due to the pandemic.

"As the COVID-19 raged, President Rodrigo Duterte imposed localized lockdowns and community quarantines. Pinapasara rin ng pamahalaan ang mga establisimiyentong lumalabag sa standard community quarantine and curfew protocols," the Interior chief continues, highlighting the government's efforts in helping the government and private sectors continue their operations.

Aside from providing cash assistance and alternative livelihood to those affected by the pandemic, Año also highlighted other government efforts such as establishing more digital infrastructures allowing the e-commerce industry to grow and enact measures that resulted in ease of doing business.

Aside from the region's efforts in recuperating the local economy, the DILG chief also commended



the region for its continuous effort in bringing government services to the grassroots community.

Through the Retooled Community Support Program (RCSP) , the government was able to reach 50 conflict affected areas in the provinces of Quezon, Rizal and Batangas in which their various needs were addressed through the Ugnayan sa Barangay program.

To date, the government has provided assistance to around 274 former rebels as part of the Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

"Much needs to be done. We [still] have a long way to go in establishing sustainable peace, security and prosperity in Region IV-A," Año said, encouraging LGUs to lead the anti-insurgency efforts in their localities by identifying priority barangays in the implementation of the RCSP, and maintain good governance in providing basic services.

Año also encouraged partnerships between the private and government sectors, and civic groups in countering leftist infiltration in the region's industrial zones by providing opportunities for localized peace negotiations.



PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 22 JULY 26 - AUGUST 1, 2021 P10.00

# Hidilyn Diaz wins PH's first-ever Olympic gold

MANILA – After 97 years, the elusive Olympic gold has finally been taken by the Philippines.

Hidilyn Diaz became the first Filipino athlete to win it all in an Olympic event after winning the women's 55-kg. weightlifting competition at the Tokyo International Forum in Japan on Monday night.



Diaz, the 2016 Rio Olympics silver medalist, prevailed in a neck and neck showdown with China's Liao Qiuyun in the clean-and-jerk lift as their battle for the gold went down the wire.

Finishing tied with Diaz in the snatch with a 97-kg. maximum lift, Liao lifted 126 kg. in her final lift, forcing Diaz to go for 127 to steal the top spot from Liao.

Diaz, however, smoothly cleared the 127-kg. lift to win it all, also setting an Olympic record in the process.

Her 224-kg. total is also an Olympic record.

"I don't know what to say. It's a dream come true. I just want to say that we Filipinos are strong. We Filipinos can compete here at the Olympics. We can do it," a high-spirited Diaz was quoted as saying by Xinhuanet.

The 30-year-old Diaz gave advice to younger Filipino athletes to "please dream high."

"That's how I started. I dreamed high and finally, I was able to do it," she added.

Liao admitted that she was surprised by Diaz's improvement.

"I feel good today. I can lift 123kg at most due to injuries, and never thought of a successful 126kg lift. I didn't expect her strength like this," Liao said.

China's coach Zhang Guozheng echoed Liao's thoughts.

"I didn't expect such a situation," he said. "Liao has gone all out, so it's not a huge pity for her to lose the gold medal. It's just because we did not expect our opponent (Diaz) to be so strong."

Diaz has also assured herself of a total of PHP33 million from various people who pledged monetary rewards to the gold medal winners.

Zulfiya Chinshanlo of Kazakhstan claimed the bronze with a total of 213 kg. lifted.

Muattar Nabieva of Uzbekistan, despite setting the Olympic record for the snatch with a 98-kg. lift, missed out on the podium as she could only clear 114 in the C&J for a total of 212.

Malacañang joined the entire nation in celebrating the country's first-ever Olympic gold medal since it joined the most prestigious quadrennial event in 1924.

"The Palace congratulates Hidilyn Diaz for bringing pride and glory to the Philippines for winning the country's first-ever Olympic gold medal," Presidential spokesperson Harry Roque said in a statement.

"Congratulations, Hidilyn. The entire Filipino nation is proud of you. Laban, Pilipinas! (Fight Philippines!)," he added.

Presidential Communications Operations Office Secretary Martin Andanar said Diaz's golden performance showcased the Filipinos' talent as world-class athletes.

"We are one with the Filipino nation in celebrating the remarkable and historic success of Hidilyn Diaz in the recently held Women's 55-kg. Weightlifting Competition during the Tokyo 2020 Olympic Games," Andanar said. "This win gave the Philippines its very first Olympic gold medal and showcased (the) Filipinos' talent as world-class athletes." (PNA)

## Pumalo na sa mahigit 115,000 bakuna ang naipamahagi ng Imus, Cavite



Isang magandang balita na pumalo sa mahigit 115,000 dosis ng bakuna, ang naipapamahagi ng Pamahalaang Lungsod ng Imus hanggang nitong Hulyo 24.

Ayon sa pabatid ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi, nasa kabuuang 115,042 ang bilang ng mga bakunang naiturok para sa first and second dose sa vaccination program ng lungsod.

# DASMARINAS LGU, MULING IBINALIK SA 18 - 65 RESTRICTIONS

Muling ibinalik ng Pamahalaang Panlungsod ng Dasmarinas ang 18-65 years old age restrictions sa kanilang pamayanan bilang pag-iingat sa banta ng COVID-19 Delta variant.

Sa pinaka huling Facebook update ni Mayor Jenny Barzaga, ipinabatid niya na ang mga edad 65 pataas ay maaari lamang lumabas kung kumpleto na sa bakuna at may dalang vaccination card.

Dagdag pa niya, ang pagkain sa loob ng mga restoran ay pinapayagan lamang para sa mga bakunado o fully vaccinated, na may 20% kapasidad, habang ang al fresco dining ay pinapayagan para sa mga hindi pa kumpleto ang bakuna o hindi pa nabakunahan, na may 50% aprubadong kapasidad lamang.

Gayundin, kaniyang sinabi na mayroong curfew hours mula 10:00 ng gabi hanggang 4:00 ng madaling araw.

Ang mga babaeng buntis na nasa 7-9 na buwan, mga may immunodeficiency at comorbidities ay maaari lamang lumabas kung may kumpirmadong appointment o schedule sa clinic o ospital.

Samantala, ang mga convenience store at gasolinahan ay maaari nang magbukas 24/7 habang ang mga sari-sari store ay kinakailangan sumunod sa curfew hours.

Source: Mayor Jenny Austria-Barzaga (FB)

# Mahigit 200 pamilya, inilikas ng PSG sa lalawigan ng Cavite

Nasa mahigit 200 mga pamilya ang inilikas ng Philippine Coast Guard sa tatlong bayan sa lalawigan ng Cavite, nitong Sabado habang kasagsagan ng malakas na pagbuhos ng ulan.

Batay sa Facebook post ng PCG, nasa kabuuang 212 na pamilya o 700 indibidwal mula sa mga bayan ng Naic, Ternate at Noveleta ang kanilang nailikas papunta sa iba't ibang evacuation centers.

"Sa pinakahuling ulat ng PCG Station Cavite, umabot na sa 88 pamilya o 234 na residente ang nailikas sa Ternate, habang 25 pamilya o 107 na residente ang natulungan sa Noveleta na karamihan ay mga kabataan," saad sa Facebook post ng PCG.

Bukod pa sa mga naturang pamilya, mayroon ring 99 na pamilya o 359 katao ang kanilang nailikas sa naging pagbaha sa Barangay Bucana Sasahan, Naic.

"Maingat silang inihatid sa pinakamalapit na evacuation center para mabigyan ng karampatang tulong medikal at iba pang assistance," ayon sa PCG.

